BCS: Ang ibig sabihin nito ay **Body Condition Scoring**. Hindi ito pamiliyar sa mga magsasaka pero sa totoo lang, madali itong maintindihan at isa itong epektibong paraan kapag pinagmamasdan ang mga kambing. Alamin natin itong dalawang punto: Una ay kung paano dapat suriin ang kambing. Kailangan mong tingnan ang likod ng kambing para makita ang tinatawag na “hindquarter”, lalung-lalo na ang mga Hooks, Pins at Hip joints (**Larawan 3-7**). Ang isa ay kung paano suriin ang kambing kung nasa mabuti ba itong kalagayan o hindi. Sigurado kami na kung titingnan niyo ang mga sumusunod na **Larawan 3-8 hanggang 3-11**, malalaman niyo kung paano suriin ang BCS (Pansinin ang area na napapaloob ng hooks, pins, at hip joints).



Larawan 3-7: View ng hindquarter mula sa likuran: mga mahalagang bahagi sa pagsusuri ng BCS



- Alam niyo ba na may 210 na iba't ibang lahi ng kambing at 450 million ang dami sa buong mundo?
- Alam niyo ba na depende sa lahi, ang kambing ay umaabot ng 17 hanggang 43 na pulgada ang taas?



Larawan 3-8: Malaman (Mataba)



Larawan 3-9: Malaman (Katamtamang taba)



Larawan 3-10: Payat



Larawan 3-11: Napakapayat

- **Dumi:** Dapat ay matigas at bilog! Makikita niyo ang pagkakaiba ng maganda sa hindi sa **Larawan 3-12 hanggang 3-15!**



Larawan 3-12: Matigas at bilog-bilog



Larawan 3-13: Medyo malambot



Larawan 3-14: Mamasa-masa



Larawan 3-15: Napakabasa (Diarrhea)

Kung makikita mo itong mga uri ng hindi magandang dumi, suriin ang puwet ng iyong mga kambing! Sigurado na ang iba sa kanila na hindi malusog ay kapareha ng nasa **Larawan 3-16** samantalang ang mga malulusog na may malinis na puwet ay tulad ng **Larawan 3-17**.



Photo 3-16: Bad (Madumi).



Photo 3-17: Good (Malinis).

- **Paghinga:** Regular at hindi nahihirapan!
- **Gait:** Dapat steady, at hindi lampa, lahat ng paa ay bumubuhat sa bigat ng kambing habang siya ay naglalakad.
- **Cudding or Ruminating:** Tulad ng nasabi kanina, ang mga kambing ay mga ruminants. Kaya nilang nguyain ang cud, pagkain na inilabas muli mula sa tiyan maraming beses sa isang araw. Karaniwang nginunguya nila



ito kapag sila ay nag-rerelax o nagpapahinga. Alam niyo ba na ang pag-nguya ng cud ay karaniwang ginagamit na batayan para malaman ang kalusugan ng mga ruminant na hayop? Ang totoo, maraming nagmamaya-ari ng kambing at mga mananaliksik ang nagsasabi na ang kuntentong kambing ay ang kambing na ngumunguya ng cud. Kalimitan, ang kambing ay ngumunguya ng kanilang cud 6-8 na oras sa isang araw. Masayang panoorin ang mga kambing na ngumunguya ng cud. Dapat niyo itong makita!

Sa bandang huli, kapag nakapansin kayo ng mga kakaibang signales-malaki man o maliit, kumilos kaagad! Huwag nang ipag-walang bahala! Kumilos ka agad! Puwede kang magtanong sa iyong mga kaibigan o sa local na extension workers para sa kailangan na impormasyon o ng kanilang karanasan para maiwasan mo ang posibleng problema at ang sobrang sakit na ulo! Kumunsulta sa beterinaryo kung maari.



Larawan 3-18: Beneficiaries na kinukunsulta ang Municipal Agriculturist para sa mga payong teknikal



No. 4 Panatilihing malinis ang inyong kabukiran at kapaligiran!

Ang benepisyo sa pagpapanatiling malinis ang inyong kabukiran at kapaligiran ay hindi lamang dahil sa maganda itong tingnan kung hindi dahil mas madaling mapagmasdan kung may mga pagbabagong nangyayari para maiwasan ang mga posibleng sakuna tulad ng mga sakit at aksidente. Tingnan niyo ang **Larawan 4-1 hanggang 4-4**. Sa kasamaang palad, makikita niyo ang mga ganitong maruruming paligid kahit saang rural area ng Pilipinas. Dahil sa mga kalat o basurang ito na nagkalat sa inyong kabukiran, hindi niyo mapapansin ang mga signales. Hindi lang mga kambing, pero puwede ding aksidenteng kainin ng mga batang kambing ang mga kalat at ito'y magdudulot ng malubhang problema.



Larawan 4-1: Plastic bags.



Larawan 4-2: PET bottles.



Larawan 4-3: Mga lata atbp.



Larawan 4-4: Mga tira - tira na kinakain ng aso.



Kaya dapat panatilihing malinis ang inyong kabukiran at kapaligiran!

Mainam para sa isang magsasaka na magkaroon ng basurahan at walis

(**Larawan 4-5 at 4-6**). Sa ganitong mga gawain, ang inyong business na kambingan ay magiging matagumpay!



Larawan 4-5: Simples walis at basurahan.



Larawan 4-6: Magwalis parati!



- Alam niyo bang walang ngipin ang itaas na panga ng mga kambing? Subalit, mayroon silang 24 na molars. Ang mga kambing ay kumakain ng damo at hindi kumakain ng lata at basura.
- Alam niyo ba na ang malusog na bagong anak na kambing ay agad na nakakatayo at nakakasabay sa kawan?
- Alam niyo ba na sa malalamig na lugar, di tulad sa Pilipinas, ang mga kambing ay seasonal breeders lamang? Ibig sabihin, nagtatalik lamang sa partikular na panahon sa isang taon?




No. 5 Laging sukatin ang paglaki ng mga kambing!

Alam nating lahat na lumalaki ang mga batang kambing. At alam ng magsasaka kung lumalaki ba ng maayos o hindi ang kanilang mga kambing. Kaya paano nga ba natin masusuri kung lumalaki ba ng tama o hindi ang isang kambing? Ang kasagutan sa tanong na ito ay ang sukatin ang mga kambing! Ngayon, ang susunod na tanong ay anong sukat ang dapat nating kunin? Ang pinaka-mainam ay ang pagkuha sa bigat ng bawat kambing (**live weight**) pero alam natin na hindi ito laging posible sa mga malalayong lugar. Kaya ang isa pang paraan na aming nirerekomenda sa mga nagmamay-ari ng mga kambing ay ang **Height of Withers** na puwedeng batayan sa pagsuri sa laki ng kambing. Kaya una, alamin natin kung saan matatagpuan ang "withers". Tulad ng ipinakita sa **Larawan 5-1 at 5-2**, ito ay matatagpuan sa pagitan ng balikat at sa pinakamataas na parte ng katawan. Ang Height of Withers ay proporsyonado sa timbang. Kaya habang bumibigat ang kambing, lumalaki rin ang kanyang Height of Withers!



Larawan 5-1: Withers.



Larawan 5-2: Withers.



Ngayon, kunin mo ang sukat ng withers height ng iyong kambing. Para gawin ito, puwede kang gumamit ng karaniwang measuring tape. Pero, kung maari, nirerekomenda namin na gamitin ang inyong haligi o dingding, sa pamamagitan ng paggamit ng ruler at permanent pen, ito ay puwede niyong gawin na sarili ninyong “measuring device” tulad ng nasa **Larawan 5-3 at 5-4.**



Larawan 5-3: “Measuring device”



Larawan 5-4: “Measuring device” .

Kung nakadesisyon ka na kung saan mo ilalagay ang iyong “measuring device” alalahanin ang mga sumusunod na tuntunin: Ang lugar na pipiliin ay dapat nasa **1) Patag, 2) Siksik, at 3) Pahalang**, para ang inyong sukat ay tama at hindi maiimpluwensyahan ng iba pang bagay sa kapaligiran!

Ngayon, puwede mo nang sukatin ang withers height. Para sa mas maasahan na resulta, alalahanin ang mga sumusunod na paalala:

- **Sukatin ng tama:** Sa bawat oras na susuriin ang kambing, ang pinaka-unang kailangang gawin ay ang patayuin ang kambing tulad ng nasa **Figure 5-1**. Dapat nakatayo ang kambing bago sukatin ang kanyang withers height!




Figure 5-1: Paano sukatin ang withers height (Dapat nasa tamang angulo!)

- **Dapat hindi pabago-bago ang pagsusuri:** Sa bawat oras na kinukuha ang sukat ng mga kambing, dapat parehong tao ang kukuha nito dahil siya ang may alam sa eksaktong “spot” o lugar kung saan sinukat ang bawat kambing. Kaya magandang ideya na makipagpalitan ka ng impormasyon sa iyong mga kapamilya para may hahalili sa iyo kung hindi ka puwedeng magsukat araw-araw.
- **Dapat regular gawin ang pag-susuri:** Dahil ang pagsusukat ay ginagawa para masuri ang paglaki ng mga kambing, dapat itong gawin parati. Nirerekomenda namin sa mga magsasaka na gumawa ng schedule para dito. Halimbawa, puwede ang unang araw ng bawat buwan, o puwede din ang kada unang linggo ng bawat buwan. Ang punto dito ay dapat gawing regular ang pagsusuri dahil kung hindi, mawawala ang halaga ng pagsusuri ng paglaki.



Sa huli, para sa inyong impormasyon, paki tingnan ang sumusunod na **Table 5-1**. Ang mga datos dito ay ang mga karaniwan na sukat para sa dwarf breed na Bengal black na isa sa mga pinaka-maliit na breed, at crossbreed ng mga malalaking breeds tulad ng Anglo Nubian, Boer, o Saanen. Sa ngayon, wala pang impormasyon tungkol sa karaniwang laki ng mga lokal na breeds dito sa Mindanao. Ganunpaman, alam namin base sa aming karanasan na ang karaniwang withers height ng ating local breed ay hindi bababa kaysa sa nasabi nang dwarf breed at hindi rin lalaki sa pinakamalaking breed! Ito ay matatagpuan sa pagitan ng dalawang breed. Kaya ilagay ang karaniwang laki ng iyong mga kambing sa kanang hilera tapos ikumpara ito sa karaniwang laki ng dalawang breeds! Malalaman mo kung ang iyong mga kambing ay lumalaki ng maayos o hindi at kung sila ay nasa karaniwang laki. Kung ang inyong kambing ay laging nasa "gitna" sila ay okay. Sana nasa mas malapit sila sa panig ng mga malalaking breed!






Table 5-1: Karaniwang Withers Height ranges base sa edad (cm)

Edad (buwan)	Dwarf breed (Bengal black)		Large breed (Nubian cross)		Ilagay ang karaniwang laki dito!	
	Lalaki	Babae	Lalaki	Babae	Lalaki	Babae
At birth	21-23	20-22	38-40	38-40		
1	27-29	25-27	42-44	41-43		
2	31-33	28-30	46-48	45-47		
3	34-36	29-32	49-51	49-51		
4	36-38	32-34	53-55	51-53		
5	38-40	34-36	57-59	55-57		
6	39-41	35-37	60-62	57-59		
7	40-42	37-39	63-65	60-62		
8	41-43	38-40	65-67	63-65		
9	42-44	39-41	68-70	65-67		
10	43-45	40-42	71-73	67-69		
11	44-46	41-43	74-76	69-71		
12	46-48	42-44	76-78	71-73		



No. 6 Subukang maghanap ng mainam na lalaking kambing para sa inyong mga babaeng kambing!

Tulad ng nasabi kanina, maraming benepisyo kapag mag-alaga ng mga kambing. Ang mga lokal na breed ay may natural na katangian na kayang magtiis sa init at umiwas sa mga sakit. Pero dahil sila ay maliliit, medyo mababa ang magiging kakayanan upang sila ay maging producer ng karne. Sa ganitong dako, ang puwede nating gawin ay ang “upgrading”. Sa madaling salita, ang upgrading ay ang paghahalo ng lahi ng isang native na kambing, tulad ng meron tayo dito sa Mindanao, sa isang genetically improved na kambing tulad ng Anglo Nubian, Boer, at iba pang malalaking breed (**Larawan 6-1 hanggang 6-4**).



Larawan 6-1: Anglo Nubian Type



Larawan 6-2: Boer Type



Larawan 6-3: Saanen Type



Larawan 6-4: Isang native pero malaking lalaking kambing



Ang punto dito ay kailangan mong maging "choosy" tungkol sa pagpili ng lalaking kambing para sa inyong babaeng kambing. Huwag hahayaang malahian ng isang "scrub" (poor buck) na kambing na makikita kahit saan ang inyong mga babaeng kambing! Kaya tandaan na ang magandang uri ng kambing ay magbibigay ng mas mataas na produksyon! Kaya pumili ng lalaking kambing base sa mga sumusunod na mga katangian:

- **Malusog:** Makintab ang balat, walang sakit sa balat lalung-lalo na ang **scabies (Larawan 6-5)**.
- **Malaki ang sukat:** May withers height na higit pa sa 65 cm.
- **Malaki at maayos na Scrotum:** Tulad ng nasa **Larawan 6-6**. Dapat tandaan na sa pangkalahatan, kung mas malaki ang scrotum (ang bag ng balat na naglalaman ng testicles), mas mataas ang libido (kagustuhang makipagtalik) at fertility! Para malaman ang sukat, pwedeng tingnan ang scrotal length (**Larawan 6-6**). Mas mainam kung ang laki ay **sobra 15 cm!**



Larawan 6-5: "Scabies", isang uri ng sakit sa balat



Larawan 6-6: Saktong Laki ng scrotum.

At sa bandang huli, sa pag upgrade ng inyong mga kambing, gumamit ng lalaking kambing na binili sa maasahang pinanggalingan. Ang isang importanteng punto rin ay, kapag sobrang laki ang lalaking



kambing (**sobra sa 65 cm ang withers height**) at sobrang liit naman ng babeng kambing. Ang pagtatalik nila ay magiging sanhi ng **dystocia**, na ibig sabihin ay mahihirapan sa panganganak ang kambing. Kaya sa mga kaso na mas maliit ang mga babaeng kambing, (may withers height na mas mababa sa 50 cm), subukang maghanap ng hindi gaanong malaking lalaking kambing. Kaya magandang ideya para sa mga magsasaka na laging iiwan ang malalaking babaeng kambing para maging inahin samantalang ang mga maliliit ay ang ibenta!



- Alam niyo ba na ang karne ng kambing ay may mas mababang dami ng taba at cholesterol kung ikukumpara sa karne ng baka, baboy, tupa, at manok? Ang mga kambing ay isa sa mga pinakamalinis na hayop at pihikan ito sa kanilang mga pagkain kung ikukumpara sa mga baka, tupa, baboy, at pati mga aso.
- Alam niyo ba na depende sa breed, ang adult na babaeng kambing ay pwedeng bumigat ng 10 kg hanggang 140 kg, at ang adult na lalakeng kambing ay puwedeng bumigat ng 12 kg hanggang 160 kg?
- Alam niyo ba na sa ibang bansa tulad ng Mongolia at Pakistan, ang buhok ng kambing ay ginagawang fabric na tinatawag na cashmere at ito ay napakamahal?



No.7 Suriin ang mga kambing bago bilhin at ibenta!

Nakapagbigay na kami ng kaunting ideya tungkol sa “upgrading”. Tulad ng inaasahan, ang layunin ng upgrading ay ang mapabuti ang mga kambing sa kalaunan. Para gawin ito, kailangan nating panatilihin ang mga magagandang kambing habang pinapanatiling hindi makapasok ang mga hindi kanais-nais. Sa ganitong konteksto, ang pinakamaimpluwensyang factor ay ang pagbili at pagbenta. Kaya dapat ay maging alisto sa mga sumusunod na punto:

- **Kapag bumibili**
- **Kumuha ng impormasyon tungkol sa (mga) kambing:** Edad, pinanggalingan (kung saan orihinal na nanggaling ang kambing), kasaysayan ng kalusugan ng hayop (record ng vaccination, pagpupurga, paggagamot, atbp.), kalagayan ng bahay ng kambing (tipo ng bahay), pagkain (anong uri ng pagkain ang naibigay, kung grazing ba o nakakulong), atbp.
- **Suriin ang mga kambing:** Dapat malulusog ang mga kambing. Kaya gumugol ng oras sa pag obserba sa mga kambing para sila ay masuring mabuti.
- **Presyo:** Ito ang pinakamahalagang punto. Wag bibili ng kambing na hindi kinukumpara ang presyo sa iba maliban na lang kung sa tingin mo na tapat ang presyong ibinigay sayo.



● **Kapag nagbebenta**

- **Huwag ibenta ang mga “productive” na kambing:** dito, ang mga productive na kambing ay makikita sa sumusunod na **Table 7-1**. Kaya kapag meron silang ganitong mga katangian, wag silang ibenta:

Table 7-1: Batayan para sa “productive” na mga kambing

#	Katangian	Paglalarawan
1	Mataas na antas ng paglaki	<ul style="list-style-type: none">● Mas mabilis silang lumaki at mas malaki sila kumpara sa ibang mga kambing.
2	Very fertile (does)	<ul style="list-style-type: none">● Short Kidding interval: lagi silang nanganganak. Ang interval ay hindi bababa ng 240 na araw.● Higher litter size: Maraming anak kadapanganak. Laging masmarami sa dalawang batang kambing.
	Pagka agresibo (bucks)	<ul style="list-style-type: none">● Higher serving capacity: lalaking kambing na mataas ang libido (kagustuhan makipagtalik).
3	Babaeng kambing na maabilidad sa pagiging nanay (does)	<ul style="list-style-type: none">● Alam nila kung paano magaruga ng kanilang sariling mga anak.

- **Huwag ibenta ang mga buntis na kambing:** Bagaman hindi mo mapapansin ito sa mga unang yugto, karaniwan, madali para sa mga magsasakang tukuyin kung buntis ba ang kambing tulad ng ipinapakita sa **Larawan 7-1 hanggang 7-2**. Kaya dapat huwag ibenta ang mga buntis na kambing!



Larawan 7-1: Buntis na kambing.



Larawan 7-2: Angulo mula sa itaas

- **Subukang ibenta ang mga kambing na may mababang productivity at mga kambing na may abnormalidad:** Ang mga kambing na kasali sa kategoryang ito ay ang mga hindi kasali sa nabanggit ng grupo! Kaya kapag nagpaplanong ,magbenta ng mga kambing, pumili sa mga hindi kasali sa grupo!
- **Presyo:** Tulad sa bahagi ng pagbili, huwag kaagad ibenta ang mga kambing sa hininging presyo. Subukang makakuha ng karagdagang impormasyon bago makipag-usap sa mga mangangalakal tungkol sa presyo. Ang mga magsasaka ay karaniwang nasa mahinang posisyon kaya tinatanggap na lang nila ang presyo na binibigay ng mga mangangalakal. Kaya dapat kumuha ng karagdagang impormasyon ang mga magsasaka para magkaroon sila ng mas maraming pagpipilian!



Alam niyo ba na ang mga kambing ay ayaw mabasa at maghahanap agad ito ng masilungan tuwing umuulan?



No. 8 Gumamit ng kalendaryo para sa record keeping!

Simulan natin ang yugtong ito sa pamamagitan ng mahalagang tanong: **Ano ang record keeping?** Sa usapang praktikal, ang recordkeeping ay ang pagsusulat ng mga mahalagang impormasyon sa mga gawain sa bukid tulad ng identipikasyon, produksyon, pagpaparami, kasaysayan ng kalusugan ng mga hayop, kita at gastos. Dahil ang mga nagmamay-ari ng kambing, small-scale man o hindi ay **nag-aalaga para kumita**, mahalaga na magtala ng ganitong mga record. Ganunpaman, kakaunting magsasaka lang ang nagtatago ng records. Bakit? Kasi halos lahat ng kailangang sulatan para record-keeping ay:

- **Sobrang dami ng kailangang itala,**
- **Sobrang komplikado,**
- **Kaya hindi na praktikal.**


Kaya ang aming inirerekомenda ay ang paggamit ng kalendaryo para sa record keeping dahil sa mga sumusunod na mga rason:

- **Lahat ay meron nito sa bahay,**
- **Madali at praktikal, at**
- **All in one.**

Kaya, umpsahan natin, ang pinaka-unang kailangang gawin ay ang pag kilala sa inyong mga kambing.



Ang ibig sabihin ng pagkilala ay ang pagbibigay sa bawat kambing ng ID gamit ang alinman sa mga sumusunod na mga paraan:



Tapos, kailangan mong isulat ang mga sumusunod na tatlong punto sa iyong kalendaryo tulad ng nasa **Figure 8-1**:

- I. Heat/Estrus** Eksaktong araw ng pag-heat
- II. Mating** Eksaktong araw na nakipag-mate
- III. Kidding** Eksaktong araw na nanganak

SUN	MON	TUE	WED	THU	FRI	SAT
		1	2 <small>No. 5: Kidding</small>	3	4	5
6	7 <small>Maya: Heat</small>	8	9	10	11 <small>Spiky Mated</small>	12
13	14	15	16	17	18	29
20	21	22	23	24	25	26
27	28 <small>No. 5: Heat</small>	29	30	31 <small>Spiky: Mated again!</small>		

Figure 8-1: Paano itala ang tatlong (3) punto?

Legend: Maya (Female Goat) & Spiky (Buck)

At siyempre, maaring gumamit ng ordinaryong kalendaryo na mahahanap kahit saan dito sa Pilipinas (**Larawan 8-1 at 8-2**) basta lang may espasyo kung saan pwede isulat ang mga impormasyon tulad sa ipinakita sa taas na Figure.



Larawan 8-1: Ordinaryong kalendaryo



Larawan 8-2: Ordinaryong kalendaryo na may datos

Pagkatapos, gamitin ang mga datos na inyong nakuha para malaman ang mga sumusunod na bilang:

Gaano katagal (araw) bago makipagtalik ang babaeng kambing pagkatapos niya manganak?

Ilang beses kailangan makipagtalik ang babaeng kambing bago ito mabuntis?

Gaano katagal (buwan) bago magpakita ng ganang makipagtalik (1st heat) ang batang babaeng kambing o kailan ito unang makikipagtalik?

Tungkol sa mga numerong nakasaad sa itaas, ang mga punto ay:

- **Gaano katagal** puwedeng mabuntis uli ang kambing pagkatapos manganak.
- **Gaano ka-agá** puwedeng mabuntis ang mga batang kambing.

Kaya dapat meron tayong target tulad ng nasa **Table 8-1!**



Table 8-1: Target ng reproductive performance ng ating kambing

#	Kategorya	Layunin
1	Mating pagkatapos manganak	● Hanggang 3 buwan (90 days)
2	Number of matings	● Hanggang 3 beses
3	1st mating para sa mga batang babaeng kambing	● Hanggang 8 buwan ang edad

Karagdagan pa sa mga nasabi sa itaas, ngayon ay ipapakita namin ang dalawa (2) pang bagay na dapat malaman ng mga nagmamay - arin ng mga kambing: Ang isa ay ang **heat cycle** at ang isa ay ang **gestation period**. Ang Heat cycle ay kung ilang beses umulit mag-heat (ganang makipagtalik) ang isang kambing, at ang gestation period ay ang panahon bago ang fetus (baby) ng isang kambing ay mabuo sa loob ng kanyang nanay bago ito maipanganak. Kaya alamin natin gaano katagal ito mangyari!

Heat cycle Kada 18 hanggang 25 na araw (average: 21 araw)

Tulad ng inyong iniisip, **ang 21 na araw ay nangangahulugan ng 3 linggo**. Kaya sa pamamagitan ng paggamit ng inyong kalendaryo, puwede mong matantiya ang susunod na araw ng pag-heat! (tingnan ang **Figure 8-2**).



SUN	MON	TUE	WED	THU	FRI	SAT
			1 Kung in-heat na si Maya sa araw na ito, ipa mate na ito sa lalakeng kambing.	2 Maya: Heat 19	3 Kung in-heat na si Maya sa araw na yan, maaaring mag heat 10 siyang muli pagkaraan ng 3 linggo kung hindi siya nabuntis.	4 5
6				16	17	18
13		Kung hindi siya in- heat, maaaring siya ay buntis.				29
20			22 Obserbahan siya ng maigi!	23 Maya: Expected	24	25
27		28	29	30	31	

Figure 8-2: Paano bibilangin ang susunod na heat?

Gestation period 145 hanggang 155 na araw (average: 150 na araw)

Humigit-kumulang ang 150 na araw ay 5 buwan. Kaya uli, sa paggamit ng inyong kalendaryo, (**Figure 8-3**) puwede kang magbilang ng 5 buwan para matantiya kung kailan manganganak ang mga buntis na mga kambing! (**Siyempre, dapatalam mo kailan sila nakipagtalik!**) Ngayon, sabihin natin na ipina - mate mo ang iyong kambing noong **January 6**, kaya magbilang ka ng **1, 2, 3...hanggang 5** mula sa araw na ito tulad ng ipinakita sa kalendaryo sa sunod na pahina! Kaya pag buntis ang kambing, siya ay maaring manganak sa **June 6** o malapit sa araw na ito! Kaya huwag na huwag kalimutang markahan ang inyong kalendaryo!



January							February							March								
S	M	T	W	T	F	S	S	M	T	W	T	F	S	S	M	T	W	T	F	S		
					1	2	1	2	3	4	5	6		1	2	3	4	5				
3	4	5	6	7	8	9	7	8	9	10	11	12	13	6	7	8	9	10	11	12		
10	11	12	13	14	15	16	14	15	16	17	18	19	20		13	14	15	16	17	18	19	
17	18	19	20	21	22	23	21	22	23	24	25	26	27		20	21	22	23	24	25	26	
24	25	26	27	28	29	30	28	29						27	28	29	30	31				
31																						
April							May							June								
S	M	T	W	T	F	S	S	M	T	W	T	F	S	S	M	T	W	T	F	S		
					1	2	1	2	3	4	5	6	7		1	2	3	4				
3	4	5	6	7	8	9	6	7	8	9	10	11	12	13	14	5	6	7	8	9	10	11
10	11	12	13	14	15	16	13	14	15	16	17	18	19	20	21	12	13	14	15	16	17	18
17	18	19	20	21	22	23	20	21	22	23	24	25	26	27	28	19	20	21	22	23	24	25
24	25	26	27	28	29	30	27	28	29	30	31					26	27	28	29	30		

Figure 8-3: Paano magbilang ng 150 na araw (5 buwan)

IMPORTANTE! Huwag itatapon ang mga pahina! Itago ang mga ito!




- Alam niyo ba na ang kape ay unang nadiskubre ng mga nagpapastol ng mga kambing noong na-obserbahan nila ang di pangkaraniwang sigla ng mga kambing pagkatapos nilang kainin ang bunga ng kape?
- Alam niyo ba na ang babaeng kambing ay kayang manganak ng 1 hanggang 6 na batang kambing sa isang kidding lang?



No.9 Huwag sayangin ang mga dumi ng kambing!

May kasabihan na “may pera sa basura!” Sa kasong ito ay ang dumi ng mga kambing ang pinag-uusapan. Ang abono (compost), ay isa sa karaniwang produkto ng pagre-recycle ng dumi ng mga hayop. Kung tutuusin, sa mga kabukiran, ang karaniwang sangkap ng pagaabono ay ang dumi ng mga hayop at ang “bedding” nito. At ang mga naiwan na mga fibrous na dahon at tangkay ay puwede din maging abono. Dahil ang mga nagmamay-ari ng mga kambing sa Mindanao ay mga magsasaka rin, mainam para sa kanila kung makakagawa sila ng mga “home-made” na abono.

Kaya dito, ipapakita namin ang mga karaniwang pamamaraan para gumawa ng “home-made” na abono sa pamamagitan ng paggamit ng dumi ng mga kambing at iba pang mga materyales mula sa bahay ng kambing, tira-tira mula sa kusina, at pati na rin ang mga uod (tingnan ang **Figure 9-1**).





MGA HAKBANG SA VERMI COMPOSTING



Figure 9-1: Schematic procedure ng paggawa ng abono mula sa dumi ng kambing



No.10 Maging beterinaryo kung kinakailangan!

Kahit hindi ka talagang propesyonal na vet (veterinarian, duktor ng mga hayop), magiging praktikal para sa mga magsasaka na makagawa ng paunang pagkilala (diagnosis) para sa mga karaniwang sakit at ang makapagbigay ng kaukulang pangunahing lunas o ng ordinaryong gamutan. Dahil sa paraan na ito, maiiwasan ng mga magsasaka na maging sakit sa ulo ang mga maliliit na problema! Halimbawa nito ay ang mga sumusunod (**Table 10-1**):

Table 10-1: Tipikal na sintomas at ang mga karaniwang lunas

#	Sintomas	Paggamot
1	Ubo	✓ Antibiotics
2	Diarrhea (napaka basang dumil)	✓ Fluid Therapy at deworm kung kinakailangan
3	Sinat (Feverish)	✓ Antibiotics kung naaangkop
4	May lumalabas sa ilong (Nasal discharge)	
5	Magaspang at hindi makintab na balat	✓ Dewormer
6	Sobrang payat o patpatin	✓ Vitamins, minerals, and dewormer

Paalala: Komunsulta sa beterinaryo o ang inyong lokal na teknisyen para sa naaangkop na ebalwasyon at lunas.

Ang punto dito ay ang mga sintomas na ito ay karaniwang nakikita sa bukid at karaniwang puwedeng lunasan gamit ang mga gamot tulad ng antibiotics at fluid therapy. Sa ngayon, kahit sa mga malalayong lugar ng Mindanao, ang ilan sa mga pangunahing gamot tulad ng antibiotics o gamot sa pagpupurga (dewormer) ay nabibili na. Pero, kung minsan ay walang beterinaryo na mahanap kaya ang magsasaka ay hindi



makapagbigay ng lunas sa kanilang kambing! Kaya dapat nating alamin ang mgakaraniwang paraan sa pagbibigay ng mga gamot. Dito, ipapakita namin ang laging ginagamit na mga paraan tulad ng **1) Drenching**, at **2) Injection**.

Ang **Drenching** ay isang paraan sa pagbibigay ng likidong medisina tulad ng “fluids”. Puwede itong gawin, sa kaso ng mga kambing, sa pamamagitan ng paggamit ng mga plastic na syringe o mga bote na may makipot na labasan. Tulad ng makikita niyo sa mga sumusunod na **Larawan 10-1 at 10-2**, una, ilagay ang inyong plastic na syringe (siyempre walang karayom!) sa gilid ng bunganga ng hayop na walang ngipin, tapos, itaas ng bahaga ang bunganga ng hayop, at pagkatapos, itulak ang plunger (nasa loob na bahagi, tingnan ang **Larawan 10-6**). At tandaan na pagkatapos itulak ang plunger, patuloy na hawakan ang bunganga ng kambing ng ilang mga segundo para masiguro na nalunok ng kambing ang gamot!



Larawan 10-1: Pamamaraan ng Drenching.



Larawan 10-2: Hawakan ang bunganga ng ilang segundo!

Ngayon titingnan natin paano magbigay ng **injection**! Upang simulan ito, kailangan meron ka nitong mga sumusunod na mga gamit (**Table 10-2**).



Table 10-2: Mga gamit na meron ka na handang gamitin!

#	Mga Gamit	Paglalarawan
1	Syringe na may karayom	Tignan ang Larawan 10-4.
2	Bulak (cotton)	Naka - pormang bilog (cotton balls). Ibababad ito sa alcohol.
3	Alcohol	Para sa pag haplos (disinfection) ng lugar kung saan nag injection at para sa iba pang puwedeng linisan
4	Gamot	Kailangang bantayan ng maigi. Dahan - dahan sa pagsukat sa dami ng gamot base sa timbang ng hayop tulad ng tinukoy sa label ng gamot.

Kung nakuha mo na ang mga gamit na ito at **nahugasan mo na ang iyong kamay gamit ang sabon at tubig**, puwede mo nang gawin ang mga sumusunod:

- Linisin ang rubber na takip ng medicine vial (bote ng gamot) gamit ang bulak na nababad sa alcohol (**Larawan 10-3**).
- Hawakan ang syringe na may karayom at tanggalin ang needle cap (**Larawan 10-4**).
- Hilain ang plunger para malagyan ang syringe ng hangin. Dito ang dami ng hangin ay dapat pareho sa dami ng gamot na kailangan. Kung magbibigay ka ng 1 cc, dapat ang dami ng hangin ay pareho din tulad ng nasa **Larawan 10-5**.
- Ngayon itusok ang karayom sa vial. Pagkatapos mailabas ang hangin* (**Larawan 10-6 at 10-7**), hilain ang plunger para mapuno ang syringe ng kinakailangan na dami ng gamot (sa kasong ito, 1 cc, **Larawan 10-8**). (*Sa paraang ito, normal ang pressure sa loob ng vial!)



- Pagkatapos ay tanggalin ang karayom. Habang nakataas ang karayom, itulak ng bahaya ang plunger para matanggal ang sobrang hangin mula sa syringe (**Larawan 10-9 at 10-10**)



Larawan 10-3: Linisin ang takip!



Larawan 10-4: Syringe na may karayom.



Larawan 10-5: Punuin ng hangin ang syringe.



Larawan 10-6: Ipasok ang karayom sa vial.



Larawan 10-7: Ilabas ang hangin!



Larawan 10-8: Lagyan ang syringe ng gamot.



Larawan 10-9: May laman na syringe!



Larawan 10-10: Walang hangin. Puwede nang itusok!



Ngayon na may gamot na ang inyong syringe, i-inject(itutusok) mo ito sa iyong hayop. Pero dapat tandaan na may dalawang puwedeng bahagi kung saan itutusok ang injection. Ang isa ay **Intramuscular (IM)** at ang isa ay **Subcutaneous (SC)**. Ang Intramuscular injection ay binibigay sa muscle habang ang subcutaneous injection ay ginagawa sa ilalim ng balat. Pero puwedeng pareho ang bahagi kung saan gagawin ang dalawang injection. Para sa mga kambing, ang magandang bahagi ay ang mga malalaking muscle sa kanilang likod o sa kanilang paa sa likod (**Larawan 10-11**) o sa kanilang leeg. Sa **Larawan 10-11**, makikita dito ang intramuscular na injection. Puwedeng piliin ang matabang parte. Para sa subcutaneous injection, hilain ang balat gamit ang isang kamay, gumawa ng mala-tent na istruktura at ipasok ang karayom na kung saan ang tusok ay nasa pagitan ng balat at muscle! Para mahawakan ng maigi ang hayop, tingnan ang **Larawan 10-12**.



Larawan 10-11: Intramuscular injection.



Larawan 10-12: Paano hawakan ang kambing.



Simpleng batayan sa mga medisina at bitamina na para sa mga kambing!

Medisina	Purpose	Dalas	Dosage	Paano Gagawin
Albendazole	Dewormer (Internal)	Every 3 Months	1 ml./20kg	Oral
Ivermectin	Dewormer (Internal & External)	Every 3 months	1 ml./20kg	Subcutaneous
Enrofloxacin (Antibiotic)	Cough and Colds	If symptoms arise	1 ml./20kg	Intramuscular
Vitamin B Complex (Belamyl)	Health Booster	Once a month	1 ml./20kg	Intramuscular
Vitamin A,D,E	Health Booster	Once a month	1 ml./20kg	Intramuscular
Mineral lick/ salt lick	Palatability improver	Daily	-	Oral

Dahil karamihan sa mga magsasaka ay nagdadadalawang-isip mag-injection, bibigyan namin kayo ng mga magagamit na tips para masanay sa pag-iinjection. Puwedeng gumamit ng tangkay ng halaman tulad ng sa saging. Puwedeng subukan ito tulad ng nasa **Larawan 10-13 at 10-14.** Pagkatapos ay siguradong masasanay ka!



Larawan 10-13: Tangkay ng Saging para sa practice I



Larawan 10-14: Tangkay ng Saging para sa practice II

Sa bandang huli, habang nag-iinjection, huwag kalimutan ang mga sumusunod na punto!



Huwag ipapasok ang nagamit na o hindi nalinisang (disinfected)

karayom sa loob ng bote ng medisina: Kung hindi, ang buong bote ng gamot ay makokontamina!



Itapon ng maigi ang mga karayom: Dapat itapon ang mga karayom sa mga matitibay na lalagyan na may takip. Maaari rin itong sunugin o ibaon, depende na kung ano ang mas naaangkop.



Mga Karagdagang Tips!

Maliban sa mga nakasaad na 10 bagay, ipapakita namin ang iba pang karagdagang tips. Maaring ang mga karagdagan na ito ay medyo advanced pero umaasa kami na sana ay magagamit ito ng mga small scale na magsasaka!

● Urea-treated rice straw para sa pagkain ng kambing!

Sa Pilipinas, ang mga "paddy straw" (palay) ay karaniwang ginagamit at mura na by-product na puwedeng gamitin bilang pagkain ng kambing ng mga small scale na magsasaka. Pero, sa kasamaang palad, hindi ito masustansya. Pero ang magandang balita ay puwede mong lagyan ito ng minerals sa pamamagitan ng paggamit ng chemical na substance na Urea tulad ng ipinapakita sa ibaba:

Kung gagamit ng 10 kg na palay...

<Reperensiya>

Dami ng:

Straw : Tubig : Urea		
1	1kg	1L
2	5kg	5L
3	10kg	10L
4	20kg	20L
5	50kg	50L
6	100kg	100L
		20g
		100g
		200g
		400g
		1kg
		2kg

10 litro ng Tubig (haluing mabutil) 200g na Urea





Homemade na solusyon pang fluid therapy!

Tulad ng nasabi kanina, ang ilang lunas para sa mga hayop ay puwedeng gawin sa bukid. Sa kontekstong ito, puwedeng gumawa ng homemade na solusyon para sa fluid therapy kapag ang inyong kambing ay nagpapakita ng mga abnormal na sintomas tulad ng, diarrhea, lagnat, o dehydration (kawalan ng tubig sa katawan!). Puwedeng gawin ito gamit ang mga sumusunod:

- **1 litrong malinis at preskong tubig**
- **2 kutsarang ng asukal o rice flour (Larawan a-1)**
- **1 kutsaritang asin* (Larawan a-1)**

*Kung merong sodium carbonate (baking powder), palitan ang kutsaritang asin ng 1/2 kutsarita ng sodium bicarbonate at 1/2 kutsarita ng asin.

Pagkatapos ay ilagay ito lahat sa isang boteng may takip tulad ng mga nagamit ng plastic na bote, haluin ng maigi hanggang sa matunaw lahat. Para ibigay ang solusyon, puwede mong gawin ang drenching method na nasabi kanina o puwede ring gumamit na lang ng timba (**Larawan a-2**).



Larawan a-1: Kutsara (a) at Kutsarita (b).



Larawan a-2: Solution na nasa timba.



Artipisyal "first milk" (colostrum)!

Karaniwang magaling ang mga kambing sa pagiging nanay sa kanilang mga anak. Pero may mga panahon na hindi ito ang nangyayari. Halimbawa, puwedeng matatay ang nanay pagkatapos niya manganak o sa kung ano mang rason, ayaw alagaan ng kambing ang kanyang anak. Ano man ang rason, ang mga bagong panganak na kambing ay dapat mabigyan ng first milk, o colostrum na inilalabas ng babaeng kambing sa ganyang suso bago siya ay manganak. Ang colostrum ay naglalaman ng maraming sangkap (antibodies, atbp.) na protekta sa mga bagong panganak na kambing mula sa mga sakit. Kung wala itong "first milk", na talagang unang bakuna para sa kanila, puwedeng matatay ang mga kapapanganak na mga kambing. Kaya kailangan natin silang bigyan ng "substitute" o kapalit at ang sumusunod na bahagi ay ang formula para gumawa ng artificial na colostrum na madaling gawin nino man sa bukid:

- 3 kutsaritang komersyal na powdered na gatas
- Ihalo sa 1 tasang pinakuluang tubig
- 1 Itlog (egg white lang)
- 1 kutsaritang cooking oil



Procedure:

1. Pakuluan ang 1 tasang malinis na tubig.
2. Ihalo ang 3 kutsaritang komersyal na powdered na gatas.
3. Ihiwalay ang egg white sa egg yolk.
4. Ihalo ang egg white sa nahalo nang powdered na gatas (Siguraduhing di kumukulo sa init ang gatas!).
5. Lagyan ng 1 kutsaritang cooking oil.
6. Panhuli, siguraduhing maligamgam ang inyong colostrum. Dapat hindi ito sobrang mainit o malamig, tulad lang ng pagpapa-dede sa ating mga sanggol.

Ngayon ay handa na itong ibigay sa bagong anak na kambing! Hatiin ang tinimplang colostrum sa 3 at ibigay ito kada 2 oras sa loob ng 6 na oras.



Mga Reperensiya

Devendra, C. and McLeroy, G. B., 1982. Goat and Sheep production in the tropics. Longman, UK.

Dunn, P., 1982. The goat-keeper's veterinary book. Farming Press, USA.

Gunapala, A., Bandara, V., and Saito, H., 2012. Technical manual for small scale dairy farmers. JICA-DAPH, Sri Lanka.

Jansen, C., and Van den Burg, K., 2004. Agrodoc 7: Goat keeping in the tropics. Agromisa Foundation, The Netherlands.

JICA-ARMM, 2013. Halal goat production. JICA-ARMM Human Capacity Development Project, Philippines.

MBRLC, 2014. How to raise goats for food and profit. Mindanao Baptist Rural Life Center, Philippines.

Migalbin, J. 2016, Personal Consultations, University of Southern Mindanao, Kabacan, North Cotabato

Onder, H., Sen, U., Tama, C., Ocak, S., and Abaci, S. H., 2015. Genetic parameter estimates for growth traits in Saanen kids. Kafkas Univ Vet Fak Derg 21: 799-804.

Paul, S., Khandoker, M. A. M. Y., Moinuddin, M. A., and Paul, R. C., 2011. Characterization of Black Bengal goat. J. Bangladesh Agril. Univ. 9: 61-66.

Quesenberry, P. and Birmingham, M., 2000. Where there is no animal doctor. Christian Veterinary Mission, USA.

Karaniwang Withers Heights ranges base sa edad (cm)

Edad (buwan)	Dwarf breed (Bengal black)		Large breed (Nubian cross)		Ilagay ang karaniwang laki dito!	
	Lalaki	Babae	Lalaki	Babae	Lalaki	Babae
At birth	21-23	20-22	38-40	38-40		
1	27-29	25-27	42-44	41-43		
2	31-33	28-30	46-48	45-47		
3	34-36	29-32	49-51	49-51		
4	36-38	32-34	53-55	51-53		
5	38-40	34-36	57-59	55-57		
6	39-41	35-37	60-62	57-59		
7	40-42	37-39	63-65	60-62		
8	41-43	38-40	65-67	63-65		
9	42-44	39-41	68-70	65-67		
10	43-45	40-42	71-73	67-69		
11	44-46	41-43	74-76	69-71		
12	46-48	42-44	76-78	71-73		

H E A T C Y C L E C A L E N D A R

SUN	MON	TUE	WED	THU	FRI	SAT
			1 Kung in-heat na si Maya sa araw na ito, ipa mate na ito sa lalakeng kambing. Kung hindi	2 MAYA: Heat	3 Kung in-heat na si Maya sa araw na yan, maaaring mag heat siyang muli pagkaraan ng 3 linggo kung hindi siya nabuntis.	4 5
6	7 8 mate na ito sa lalakeng kambing. Kung hindi		19	16	17	18
13	14 15 siya in-heat, maaaring siya ay buntis.					29
20	21 Obserbahan siya maigi!	22 ng	23 MAYA: Expected	24	25	26
27	28	29	30	31		

G E S T A T I O N C A L E N D A R

January						
S	M	T	W	T	F	S
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

April						
S	M	T	W	T	F	S
				1	2	
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30

February						
S	M	T	W	T	F	S
	1	2	3	4	5	6
7	8	9	10	11	12	13
14	15	16	17	18	19	20
21	22	23	24	25	26	27
28	29					

May						
S	M	T	W	T	F	S
	1	2	3	4	5	6
8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21
22	23	24	25	26	27	28
29	30	31				

March						
S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	5
6	7	8	9	10	11	12
13	14	15	16	17	18	19
20	21	22	23	24	25	26
27	28	29	30	31		

June						
S	M	T	W	T	F	S
		1	2	3	4	
5	6	7	8	9	10	11
12	13	14	15	16	17	18
19	20	21	22	23	24	25
26	27	28	29	30		

MGA HAKBANG SA VERMI COMPOSTING



M E D I C I N E C H A R T

Medisina	Purpose	Dalas	Dosage	Paano Gagawin
Albendazole	Dewormer (Internal)	Every 3 Months	1 ml./20kg	Oral
Ivermectin	Dewormer (Internal & External)	Every 3 months	1 ml./20kg	Subcutaneous
Anti-biotic	Cough and Colds	If symptoms arises	1 ml./20kg	Intramuscular
Vitamin B Complex (Belamyl)	Health Booster	Once a month	1 ml./20kg	Intramuscular
Vitamin A,D,E	Health Booster	Once a month	1 ml./20kg	Intramuscular
Mineral lick/ salt lick	Palatability improver	Daily	-	Oral
Iron (Jectran or Dextran)	Immune System Booster	3 days after birth	1 ml./kid	Intramuscular

The Project for
**Capacity Building for Community Development in
Conflict-Affected Areas in Mindanao (CD-CAAM)**

Implemented by
Bangsamoro Development Agency (BDA)
Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)
Japan International Cooperation Agency (JICA)

